

MAY KINABUKASAN BA ANG EDUKASYONG PANGKULTURA SA PILIPINAS?

Joseph T. Salazar, PhD
Kagawaran ng Filipino
Pamantasang Ateneo de Manila

Itinatanghal sa aklat na ito ang pagsisikap ng Philippine Cultural Education Program ng Pambansang Komisyon sa Kultura at mga Sining (NCCA-PCEP) na iangat ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay-espasyo sa mga banghay-araling may malinaw na pagkiling sa edukasyong pangkultura. Sa konteksto ng edukasyong Filipino na hindi pa nakakaahon sa piyudal na muhon ng *values-based education*, matapang ang proyekto. Hinihimok nito ang pagtatagpo ng mga kaisipan, ideolohiya at paniniwalang nagtatanghal sa iba't ibang subhektibidad at ang posibilidad na tingnan ang daigdig at katotohanan nang isinasaalang-alang ang iba't ibang pananaw at paraan ng pag-iisip. Sa isang panahong nilulusaw ang mga programang panghumanidades ng globalisasyon, istandardisasyon at pagkiling sa makikitid na pamamaraang siyentipiko, mahalagang hakbang ang pagtaguyod ng mga pundasyon ng edukasyong pangkultura upang italaga ang kahalagahan ng humanidades at balikan ang mga pinaiiral na polisiya na nagpapamalas ng kawalan ng pag-unawa sa mga prinsipyo nito.

Isa sa mga polisiyang ito ang ipinamalas ng dating asignatura ng MAPEH na pinagbubukod ang musika, sining at PE. Bagamat mahalagang maipamalas ang koneksyon ng mga nasabing disiplina, hindi maipagkakaila ang pangmalawakang epektong bunga nito sa pagtalaga ng mga guro na walang sapat na kaalaman at pagsasanay sa mga usaping partikular sa bawat disiplina. Hindi din nakatulong na ginamit na pansalo ang MAPEH ng mga araling hindi mailugar nang mabuti sa kasalukuyang balangkas ng mga asignatura kaya may makikita noon na mga araling kagaya ng pagsulat ng resumé na pinagagawa sa naturang asignatura.

Kahit sa bagong balangkas ng mga kurso para sa K to 12, kapansin-pansin pa rin ang pagsasantabi sa mga usaping pangkultura sa ilalim ng higit na *streamlined* na mga kurso. Pinakalantad ang ganitong kalakaran sa panitikan kung saan nawawalan ng sistematikong pag-uuri ng mga kasanayan sa disiplina na nagmistulang alalay na lamang ng mga kasanayang pangkomunikasyon. Sa Ingles man o sa Filipino, naging labis na arbitraryo ang pagbabalangkas ng mga talakayan sa panitikan. Bukod sa hindi paglatag ng mahahalagang paksaing kailangan upang iugnay ang panitikan, wika at kultura sa ating pamumuhay, hindi binibigyan ng kunsiderasyon ang mga salik upang matalakay ang panitikan bilang bahagi ng isang kasaysayan ng mga kaisipan, at lalo na bilang bahagi ng mga kaisipang bumubuo sa ating kultura. Halimbawa, sa pagpapakilala ng sarswela sa ikawalong baitang, mapapansin ang relegasyon ng anyo at gamit ng dula sa ilalim ng mga araling wala namang kinalaman sa sarsuwela:

Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang sa Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)
Sarswela (8 sesyon) F8PN-Ile-f-25 Naisasalaysay ang magkakaugnay na pangyayari sa napakinggan	F8PB-Ile-f-25 Naipahayag ang pangangatwiran sa napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa tekstong binasa	F8PT-Ile-f-25 Naibibigay ang kasing-kahulugan at kasalungat na kahulugan ng mahihirap na salitang ginamit sa akda	F8PD-Ile-f-25 Napahalagahan ang kulturang Pilipino na masaaslamina sa pinanood na sarsuwela
Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
F8PS-Ile-f-26 Naitatanghal ang ilang bahagi ng alinmang sarsuwelang nabasa, napanood o napakinggan	F8PU-Ile-f-26 Nasusuri nang pasulat ang papel na ginagampanan ng sarsuwela sa pagpapataas ng kamalayan ng mga Pilipino sa kultura ng iba't ibang rehiyon sa bansa	F8WG-II-e-f-26 Nagagamit ang iba't ibang aspekto ng pandiwa sa isasagawang pagsusuri ng sarsuwela	F8EP-Ile-f-9 Naisasagawa ang sistematikong pananaliksik tungkol sa paksa gamit ang iba't ibang batis ng impormasyon resorse

Mga Kasanayang Inaasahan sa Pag-aaral ng Sarsuwela (Department of Education, 104).

Sa ikapitong hanay (ang kategorya ng “Wika at Gramatika”), matutunghayan ang kalunos-lunos na relegasyon ng anyong pantanghal sa isang kasangkapang gagamit sa “iba’t ibang aspekto ng pandiwa sa isasagawang pagsusuri ng sarsuwela”. Maliban sa pag-isa-isa sa mga pandiwang pilit na iiba-ibahin ang aspekto para pagkasyahin sa mga hinihinging rekisitos, walang korelasyon sa kung paano nakakatulong ang pagbabagobago ng aspekto ng pandiwa sa paggawa ng pagsusuri ng isang sarsuwela. Walang lohika ito. Bakit hindi talakayin ang pagsama ng musika ng sarsuwela, at kung paano ito nakikipagtalaban sa mga salita para bumuo ng isang anyo ng pagtatanghal na naiiba sa ibang dula? Bakit walang puwang para suriin ang kasaysayan ng sarsuwela at ang kontribusyon nito sa paguuri ng mga relihiyon? Sa anong konteksto umusbong ang sarsuwela? Anu-anong mga tradisyong banyaga at katutubo ang binibigkis nito? Ano ang naging papel nito sa kolonisasyon ng Pilipinas? O kung kailangan talagang pagtuunan ang teknikalidad ng gramatika, bakit hindi suriin ang ambag ng naturang anyo sa pagbubuo ng tradisyon ng wika ng panulaang popular? Kataka-taka, kung hindi matatalakay ang mga ito at iba pang katangian ng sarsuwela, paano pa maisasagawa ang kahilingan ng “Pagsulat” sa ikaanim na hanay kung inaasahan sa mag-aaral na masuri “ang papel na ginagampanan ng sarsuwela sa pagpapataas ng kamalayan ng mga Pilipino sa kultura ng iba’t ibang rehiyon sa bansa”? Maaaring ipagpalagay na sinisimulan pa lamang sa baitang na ito ang pagpapakilala sa sarsuwela. Sa kasamaang palad, hindi na pagyayamanin pa ng kurikulum ang diskurso ng nasabing anyo ng dula. Sa halip na balikan muli ang anyo na ito sa iba pang markahan o baitang, ikabit ito sa ibang mga dula at anyong pampanitikan upang pagyamanin ang mga kaisipang naituro sa ika-walong baitang, hindi na mababanggit kailanman ang sarsuwela sa kurikulum, at anumang kasaysayan ng pag-angkop sa banyagang anyo at kultura na bumubuo ngayon sa ating mga tradisyon ay isasantabi sa ngalan ng pagtuturo ng aspekto ng pandiwa.

ANO ANG KULTURA?

Mula sa kakulangan ng mga instrumentong panturo hanggang sa simplifikasyon ng kultura sa mga obhetong sumasakatawan sa kung tutuusin ay mas tagong mga prosesong neoliberal, maraming problema ang mga guro ng kultura. Sentral dito ang kakayahang mailapat ang higit na mapagpalayang mga oryentasyon na magpapahintulot sa kanilang magturo ng kultura nang hindi umaasa sa mga mekanisadong pamamaraan ng ating mga ahensyang pang-edukasyon. Ayon na rin sa UNESCO (2001), “*Culture should be regarded as the set of distinctive spiritual, material, intellectual and emotional features of society or a social group, and it encompasses, in addition to art and literature, lifestyles, ways of living together, value systems, traditions and beliefs.*” Batay sa atas na ito, hindi maikakahon sa isang depinisyon o sistema ng mga proseso at pamamaraan ang kultura. Nangangailangan itong buksan sa higit na malayang proseso ng interpretasyon at pag-aangkop na isinasaalang-alang ang kultura bilang magkakawing na produkto ng partikular na kontekstong kanyang ginagalawan at ng nagsala-salabid na mga prosesong historikal.

Ang mismong depinisyon na lamang nito ay nagrerepresenta ng isang mahabang diskurso na sumasalamin sa imposisyon ng kanluraning pamumuhay at kasaysayan sa mga lugar na nais nilang sakupin. Pinaalalahanan tayo ni Raymond Williams na bago pa lamang sa wikang Ingles ang salitang “*culture*” (Williams 1983, p. 87). Aniya, umuugat ito sa salitang Latin na *colere* na may iba’t ibang kahulugang tumutukoy sa iba’t ibang aspekto ng mga gawaing kolektibo mula sa agrikultura (sa *colore* maiuugat ang Ingles na *cultivate*); pananahan, pamamahay, pag-aangkop o pananakop (sa *colore* din maiuugat ang *colony*); hanggang sa pananampalataya (*cult* o kulto). Kung titingnan ang kanyang mga binanggit na halimbawa, ang problema ng pagtatalaga ng kung ano ang kultura ay humaharap sa dalawang problema. Una, laging matitisod ng pangangailangang timbangin ang kaibahan sa pagitan ng dalawang magkaibang kultura. Bago pa man maipaliwanag kung ano ang kultura, kailangan munang tumambad ng realisyong may magkakaibang kultura, lalo na kung hayag na itinatangi at/o ipinagtatanggol ang sariling gawi, ugali at paniniwala laban sa iba. Ikalawa—at higit na nangangailangan ng pansin sa anumang talakayan tungkol sa kultura—ay ang magkakaibang proseso na masisilayan kapag nagtagpo na ang magkakaibang kultura. Halimbawa, naging mahalagang sandigan ang konsepto ng apropiyasyon ni Mikhail Bakhtin (1992) ng iba’t ibang kaisipang pangkultura noong nakaraang siglo. Para kay Bakhtin, mahalagang gawain ang apropiyasyon hindi lamang sa pag-aangkop ng ibang kultura kundi para na rin sa pagtataguyod ng kamalayan tungkol sa sariling kultura. Hinahanda ng ganitong kamalayan ang isang tao o pangkat na lampasan ang pagtingin sa sarili bilang sentro at sa halip, tingnan ang ang nagsasangang ugnayan kung saan ang sarili ay isang bahagi lamang ng sistema. Katulad ng apropiyasyon ng wika, na siyang himlayan ng napakaraming aplikasyong pangkultura, naging mahalagang sandigan ng pagkakakilanlang pansarili ang iba:

The word in language is half someone else's. It becomes one's "own" only when the speaker populates it with his own intentions, his own accent, when he appropriates the word, adapting it to his own semantic and expressive intention. Prior to this moment of appropriation, the word does not exist in a neutral and impersonal language... but rather it exists in other people's mouths, in other people's contexts, serving other people's intentions; it is from there that one must take the word, and make it one's own (Ibid, 294).

Ang tema ng pagtatagpo, pagniniig, paghahalo, pag-angkin, pagtanggap at pag-angkop ang naging pinakamahalagang batayan ng pangingilatis ng kultura na makikita sa iba't ibang disiplina. Noong Ika-18 siglo pa lamang, pinuna na ni Johann Gottfried von Herder (1968), pilosopong Aleman, kung paanong ang pagkaka-angkop ng mga Aleman sa kanilang salitang *kultur* ay naging kasing-kahulugan ng *civilization*. Katulad ni Bakhtin, tinanggihan niya ang pagkiling sa isang makasariling pusisyon na siyang pinaguugatan ng mga konotasyon ng sibilisasyon. Para sa kanya, may imposisyon ng tamang pamumuhay ang naturang salita lalo pa't kinikilingan nito ang mga sistemang Europeo bilang ugat ng pagiging sibilisado at minamaliit ang pamumuhay ng mga nasakop nito bilang hindi sibilisado. Imumungkahi ni Herder ang dinamismo ng kultura bilang nagtataglay ng maramihan at magkakakawing-kawing na anyo at proseso na hindi maikakahon sa pamamagitan ng mga depinisyon unibersal. Heneriko ang pag-unlad at pagkamit ng estado ng sibilisasyon, samantala humihiling ang kultura ng higit na ispesipiko at partikular na pagkakakilanlan sapagkat umiiral ang iba-ibang anyo nito maging sa iisang lunan o bayan, at panahon o kasaysayan. Sinang-ayunan ito ng antropologong si Franz Boas (1938) at sinabing ang kultura na produkto ng homogenisasyon at nagpupumilit sa isang unibersal na depinisyon, anyo at mga paraan ay isang anyo ng rasismo. Para sa kanya, mayroong sariling kakanyahan ang bawat kultura, at hindi ito maaaring himukin na sundan ang direksyon ng paglago ng kultura ng iba, partikular na ng kulturang Europeo. May sariling integridad pa rin ang isang kultura na kailangang unawain, sukatin at pag-aralan batay sa sarili nitong pagpapahalaga at lalong-lalo na sa ugnayan nito sa iba.

Mula noon, lumawak ang sakop ng kultura. Kumalas na ito sa mga usaping panlahi at pambayan, at nalublob sa mga partikular na problemang kinakaharap ng iba't ibang sangay ng lipunan. Nagbigay-daan ang kritisismo ni Boas sa pagpapatibay ng multiplisidad ng konsepto ng kultura na siyang tinutukang maigi ng mga Neomarxista. Sa pananaw na ito, maaaring tanawin ang kultura bilang produkto ng lumalawig na impluwensya ng kapitalismo sa paraan ng pagkakastruktura ng mga bayan sa magkakaibang uring panlipunan. Sa *Dialectic of Enlightenment* nina Theodore Adorno at Max Horkheimer (1972), kinikilala ang pagkakabukod ng kulturang mataas o nakaaangat at kulturang popular batay sa paraan nila ng paglulugar sa kapangyarihan ng tumatangkilik nito. Kung iniaangat ng kulturang mataas ang kanyang tagapagtangkilik sa pusisyon ng isang suheto na mayroong awtonomiya at ahensya para gamitin ang kultura para itangi ang kanyang sarili, ang tagapagtangkilik naman ng kulturang popular (ang binansagan nilang *culture industry*) ay isinasa-obheto at inilulugmok sa isang pusisyon na walang kakayahang italaga ang sariling kakanyahan. Dadagdagan ni Antonio Gramsci (1972) ang obserbasyong ito sa pagpuna na karamihan sa produksyon ng kulturang popular

ay isinasagawa upang mapanatili ang hegemoniya o ang nangingibabaw na struktura ng kapangyarihan sa lipunan. Para kay Gramsci, napahintulutan ang paglago ng pasismo sa Italya sa pamamagitan ng paglakip ng mga produktong kultural na pansamantalang binibigyan ng ilusyon ng kapangyarihan ang mga taong nasa mga laylayan ng lipunan. Kinakitaan naman ni Walter Benjamin ng potensyal ang naging mekanisadong produksyon ng pagkakataon upang buwagin ang mga hangganan ng kulturang nakaaangat at kulturang popular lalo na kung isasaalang-aang ang historikal na tungkulin ng gitnang uri. Maaaring magbunga ang pagdanas ng kulturang popular ng uring proletaryo kung makalilikha sila ng mga bagong anyo ng kultura na lilikha ng mga kaisipang humahamon sa mga tradisyunal na pananaw.

Samantala, papipinuhin din ang iba pang aspekto ng panunuring pangkultura para lampasan ang mga limitasyon ng sosyo-ekonomikong pusisyon at ituon ito sa iba pang di-malay na prosesong pulitikal katulad ng karanasan ng kolonyalismo. Sa *Orientalism*, tututukan ni Edward Said ang mga heograpikong kaibahan na ipinagpapalagay na umiiral sa pagitan ng *occident* na siyang sumasakatawan sa imperyong Europeo at ng orient na siyang tumutukoy sa mga nasakop na kolonya. Sa ganitong relegasyon ng ugnayan ng Europa sa ibang bahagi ng mundo, binibigyang-diin ang materyal na produksyon at karanasang Europeo bilang batayan kung saan sinusukat ang ibang kultura. Upang magkaroon ng katuturan ang kultura ng mga oryental, kinakailangan itong hanapan ng katumbas sa namamayaning mga sistema at kalakarang isinasagawa ng Europa. Ang kultura ng Europa ang tinatanging mataas na kultura na kailangang pantayan o lampasan ng iba.

Samantala, maging ang mga sagisag ng mga bagay na naghihiwalay sa mga uring panlipunan ay pupunahin sa *Symbolic Exchange and Death* ni Jean Baudrillard (1993). Para sa kanya, ang sagisag ng realidad ang nagiging realidad. Sa ganitong lohika, tinitimbang ni Baudrillard ang kultura na nalugmok na sa kapitalismo kung saan patuloy ang produksyon ng mga sagisag pangkultura na humahantong sa pagiging isang *fetish*—ang kanilang halagang ekonomiko ay nagiging obheto na lalakipan ng arbitraryong kahulugan ng taong tumatangkilik dito upang palaganaping lalo ang kanyang kapangyarihan. Marami sa mga obheto at sagisag na ito ang walang matibay na ugnayan sa isang panahon at konteksto ngunit dahil sa pagpapahalagang ipinapasa sa kanila ng mga tumatangkilik. Ang pagsasagawa ng kultura ay umaalpas na sa mga hangganang heograpiko, at naipapako sa mga palitang ekonomiko na walang tiyak na lunang pinananahanan. Kaya naman kultura din ang magiging signipikasyon ng huwad na ugnayan ng realidad ng isang partikular na lugar at panahon na bubuhayin sa magkakaibang produksyong ekonomiko at pansining na may hindi na malinaw na pinag-uugatan o kahahantungan.

Umalpas na ang kultura sa pagiging isang monolitikong konsepto na maikakahon sa mga simplistikong depinision, isa na itong kasangkapang pulitikal na nagtataguyod ng iba't ibang anyo ng kapangyarihang panlipunan sa kasalukuyan. Hindi na lamang ito mga pisikal na obheto na ipahihiram ang sarili sa iba't ibang produksyong ekonomiko kundi mga arbitraryong kaisipan din na isinisilid sa mga obheto. Sa aklat na *Distinction* ni

Pierre Bourdieu (1984), tahasang babaguhin ang konsepto ng kultura sa pamamagitan ng pagsusuri dito bilang isa na ring uri ng kapital na nangungusap ng iba't ibang paraan ng pagpapanatili o pag-angkin ng kapangyarihan. Ang kapital ay hindi na lamang nananatiling obheto, umuugat din ito sa pagpapatibay ng mga gawi at sistema ng pamumuhay na umaayon sa panlasa na nagpapamalal ng kakayahang pulsuhan, manmanan o di kaya diktahan ang daloy ng kapital sa pamamagitan ng pagkilala sa mga kung ano ang mga susunod na produktong gagalaw at mapagkakakitaan. Sa ganitong paraan mamamalas ang subhektibong katangian ng kultura. Isa na riyang ang proseso ng patuloy na pagsasakatawan nito sa mga paraang personal: ang pagpilit ng dila para maging higit na Amerikanisado ang pagsalita ng Ingles na para sa nakararaming Filipino ay “cute”, ang pag-iil sa anumang negatibong pakiramdam sa harap ng madla sa paniniwalang nagpapakita ito ng kahinaan bilang tanda ng pagkalalaki, ang pagbili ng napapanahong babasahin, tugtugin o tiket para sa isang pelikula o dula sa paniniwalang naipapahayag ng mga ito ang sariling panlasa. Ang kultura din ay isang prosesong kolektibo na inilalakip sa paraan ng pagtalaga ng ating mga institusyon, batas at mga prinsipyo. Namamayani sa Pilipinas, halimbawa, ang dominanteng pagpapalagay na bawat bayan o estado ay nangangailangang magdeklara ng kanilang opisyal na relihiyon. Nakasanayan na nating ipagmayabang na tayo lamang ang nag-iisang Katolikong bansa sa Asya kaya naman laganap ang mga ehersisyo sa mga teksbuk na pilit kinakahon/binibigyang-kakanyahan ang mga bansa ayon sa kanilang inaakalang opisyal na relihiyon. Samantala, sa ating mga karatig-bansa na mayroon ding mahabang kasaysayan ng pag-angkop ng mga dominanteng relihiyon ng daigdig ngayon, naging mariin ang pagtanggol sa sekularisasyon. Halimbawa, sa isang inagurasyon ng isang mahalagang sagisag panrelihiyon sa Indonesia noong isang taon, pinaalala ni Pangulong Joko Widodo ang isang mahalagang polisiyang pambansa hinggil sa pagbukod ng relihiyon mula sa mga gawaing pambayan: “talagang hiwalay, alam dapat ng tao kung ano ang relihiyon, at kung ano ang pulitika” (Kompas). Aniya, kailangang iwasan ang pagtangi sa kultura, wika at paniniwala sapagkat sagabal ito sa masusing pagkilala sa kontribusyon ng sari-saring identidad, relihiyon at kultura sa kanilang bansa.

Mahalagang pag-isipan ang implikasyon ng mga kaisipang ito sa kontekstong Filipino: paano maaaring bigyang partikularidad ang iba't ibang kultura habang pinanghahawakan ang isang higit na mapagpalayang pagkakakilanlan sa kolektibong karanasan? Sa usapin ng edukasyong pangkultura sa Pilipinas, nais kong ibaling ang pansin sa pangangailangang pagsikapan na maging higit na repleksibo tungkol sa posibilidad na binubulag at nililinlang tayo ng nasyonalismo. Sinasalaming ng terminong *methodological nationalism*, o nasyonalismong metodolohikal, ang isang sistematikong pangkat ng mga puna sa pagsandig sa nasyonalismo para pangatwiranan ang ating mga kolektibong gawi. Maraming aplikasyon ito. Sinusuri nina Wimmer at Schiller (2002) ang madalas na pagkiling ng mga agham panlipunan sa bayan-estado, o *nation-state* bilang pinakalunan ng modernismo na sinusuri ng iba't ibang disiplina nito. Para sa kanila, ang kolektibong pamumuhay ay laging tinatanghal sa loob ng teritoryo ng bayan kahit na kay daming penomenon at karanasan ang patuloy na nagpapalabnaw sa integridad

ng mga hangganang ito katulad ng migrasyon, ang galaw ng transnasyonal na kapital, globalisasyon, at ang mahabang kasaysayan ng kolonisasyon at imperyalismo. Katulad ng mga puna nina Williams at Herder hinggil sa simplifikasyon ng kultura, nagiging simplistikong pamamaraan ang nasyonalismo na nagkakanlong sa bayan bilang isang tiyak na obheto na walang ugnayan sa ibang realidad at karanasan.

Bagamat naniniwala pa rin sa halaga ng nasyonalismo, inangkop naman ni Calhoun (2007) ang mga kaisipan ng nasyonalismong metodolohikal sa pagsusuri ng globalisasyon. Nagbibigay ng babala si Calhoun tungkol sa kung paano maaaring gamitin ang kosmopolitanismo upang pagtakpan ang kompleksidad ng nasyonalismo. Kosmopolitanismo ang bansag sa pananaw na may isang monolitikong kultura na nagbibigkis sa maraming tao saan man sila nanggaling. Masisilayan ang pagbaling sa ganitong pagpapalagay kung titingnan ang implikasyon ng naturang salita para ilarawan ang interaksyon ng mga taong globalisado sa mga lunan na may halos magkakaparehong teknolohiya, mga sistema at paraan ng pamumuhay saan man sa mundo. Para kay Calhoun, *“cosmopolitanism and nationalism are mutually constitutive and to oppose them too sharply is misleading”* (Ibid, 13). Bahagi ng pag-unlad ng nasyonalismo ang pag-angkop ng mga sari-saring salik na panlabas upang itaguyod ang sariling pagkabayan. Totoo din ito para sa globalisasyon na umaangkop ng iba’t ibang karanasang lokal upang palawigin ang sarili.

Kung pagmumunian ang mga dominante at popular na mga kalakarang pangkultura na mayroon tayo, karamihan sa kanila ang umiinog sa mga proseso ng nasyonalismong metodolohikal. Pinakalantad ito sa walang hanggang pagtalaga ng mga pambansang sagisag na nagbibigay ng nasyonalidad mula sa pambansang ibon hanggang sa pambansang bayani. Dalawang proseso ang maoobserbahan dito. Una, ikinakanlong nito ang anumang obheto, tao o pangyayari bilang representasyon ng kolektibong pangkat na pinanghahawakan ng kanyang titulo. Sa antas ng representasyon pa lamang, maraming kunsiderasyon ang kinakaharap ng mga pambansang sagisag: akma ba itong representasyon ng kolektibong pamumuhay? Kaninong interes ang isinusulong at/o hinahadlangan nito? Naipapabatid ba nito ang mahahalagang kaisipan hinggil sa mga pangkat na nais nitong irepresenta? Naalala ko agad ang isang kababata nang palitan ng dating pangulong Ramos ang pambansang ibon sa Philippine eagle, paano na daw ang maya? Pinakamarubdob sa lahat ang walang kamatayang debateng isinasagawa sa klase tungkol sa kung sino nga ba ang nararapat na pambansang bayani. Bakit kailangang pumili at ipagpitagan ang isa kung maaari namang kilalanin ang kontribusyon ng higit na nakararaming tao—hindi lang sina Rizal at Bonifacio—bilang instrumental sa pagsulong ng interes ng bayan? Bakit natin hinahangad ang kolektibong representasyon bilang Filipino kung maaari naman tayong pagkukunan ng sari-saring pagka-Filipino?

Ikalawa, at at higit na praktikal para sa edukasyong pangkultura, ang usapin ng pagbuo ng kaalamang isteryotipikal. Maraming kultura ang nagiging isteryotipo na pinakikinis ang kasalimuotan ng ating realidad at mapapansin ito sa maraming sagisag ng kultura. Ang sagisag mismo ay isang simplifikasyon at ang kawalan ng kakayahang makita ito bilang

simplifikasyon ay nagiging babala ng pagsandig sa mga isteryotipo. Unang ginamit ni Lippman (1922) ang terminong *stereotype* upang ipaliwanag kung paano nauunawaan, binibigyang-katuturan at naapektuhan ang publiko ng mga tekstong pangmedia. Para sa kanya, mahalaga ang mga isteryotipo sapagkat nagsisilbi itong mga pananda ng mga masalimuot na kaalaman. Maraming kaalaman ang nagsisimula sa mga isteryotipo na nangangailangang payabungin sa higit na kumprehensibong kaalaman na sabay bubuwag at magbibigay-linaw sa mga limitasyong itinalaga ng mga kumbensyunal o karaniwang kaalaman. Kaya lang, lalo na sa panahong ito ng pekeng balita, kay daming isteryotipo ang nagiging batayan ng kaalaman mismo na siyang nagkakahon sa iba't ibang pangkat ng tao, proseso at sistemang sinusundan ng tao. Kung babalikan ang halimbawa ni Rizal, kay hilig ng maraming mag-aaral banggitin ang kanyang pangalan upang iugnay sa nasyonalismong Filipino subalit kakaunti ang nakauunawa kung ano talaga ang mga prinsipyong nasyonalistiko ang kanyang isinulong. Higit pa ryan, lalong kakaunti ang nakababatid na nagbago-bago din ang kanyang mga prinsipyo sa maikli niyang buhay. Maging si Rizal ay nagsakatawan ng maraming anyo ng nasyonalismo na hindi na masyadong nabibigyang-pansin ngayon sa ngalan ng normatibong imahen ng nagkakaisang Filipino. Marami pang makitid na isteryotipo na bumuburo sa ating mga kolektibong sistema: hindi dahil may proseso ng pagboto ay masasabi nang gumagana ang demokrasya sa Pilipinas, o kaya ang pagmamaliit sa impormal na trabaho sa pamamagitan ng kolektibong polisiya sa pag-aakalang wala itong naiaambag na matino sa ating ekonomiya. Marami ding personal na implikasyon ang kultura na hindi sinasalamain ng mga isteryotipong nasyonalistiko. Ang kasarian, halimbawa, ay pinangungunahan lagi ng makikitid na pananaw sa pangangatawan mula sa paggamit o hindi paggamit ng make-up, kung ano ang dapat suutin, hanggang sa pagtutumbas ng kasarian sa seksuwalidad. Sapagkat nagkakanlong ng kumbensyunal o karaniwang kaalaman, napupulpol ng mga isteryotipo ang ating pag-unawa sa kaibahan ng kultura sa ating kinaroroonan, sa daigdig at maging sa ating sarili.

Marami tayong sagisag pangkultura na bagamat mahalaga ay nawawalan ng katuturan sapagkat ang pagkakaunawa sa kanila ay tumatatak bilang simplifikasyon ng pagkakakilanlang nasyonalistiko o kaya mga isteryotipo. Nangungusap sila ng mga katangiang panlahat at pinagtatakpan ang masaganang *synergy* ng mga ugnayang maliit at malaki na siya talagang batayan ng kultura. Normatibo ang kulturang ang kaya lamang ibida ay ang mga isteryotipo ng isang bayan lalo pa't kung hinahadlangan ng mga isteryotipong ito ang napakaraming realidad na kailangang isaalang-alang. Naaalala ko ang isang binisitang paaralan sa Kabisayaan na ibinida ang pagsayaw ng singkil para sa mga bisita. Kay ganda ng produksyon: ang makukulay na damit na suot ng mga mag-aaral, ang mga makikintab na parasol at pamaypay, ang kamangha-manghang pagsayaw sa pagitan ng mga kawayan. Bonggang bongga at pinaghandayang mabuti ang produksyon ngunit sa dulo ng lahat ang hinandang pagtatanghal ay nasukluban ng pagdududa matapos magtanong ng isang bisitang Aleman kung ano ba ang halaga ng singkil sa kulturang Filipino. Mabilis ang sagot ng mga guro. Ang sabi ng isa, "*it is one of our national dances.*" Subalit hindi nakuntento ang bisita, "*what does it say about your*

nation?” Hinahanap niya ang partikularidad na nagbibigay-katuturan sa kung paanong ang simpleng sayaw ay magtataglay ng isang sagisag na nagbibigkis sa bayan. *“It is part of our heritage,”* hirit ng iba pang guro. *“That is why it is your national dance, it is your heritage. But what I want to know is why is it part of your heritage and why is it important to your nation?”*

Ang pag-alam na ang singkil ay isa sa maraming katutubong sayaw ng Pilipinas ay demonstrasyon ng nasyonalismong metodolohikal kung saan sumasapat na ang pagkaka-ampon dito ng bayan upang tanggapin na ito ay mahalagang sagisag pangkultura. Bagamat maraming tumatanggap dito bilang pambansang sayaw, hindi na gaanong marami ang nakakikilala sa mga simpleng impormasyon hinggil sa sayaw: ang singkil ay galing sa mga Maranao na unang nanirahan sa paligid ng Lawa ng Lanao sa Lanao del Sur. At dahil ito ay nagmula sa Lanao, matibay ang paniniwala ng marami sa isteryotipo na ito’y sayaw ng mga Muslim. Higit na kakaunti ang nakakabatid na ito ay bahagi ng ritwal na umiinog sa *Darangen*, na mayroong kawangis na kuwento sa epikong *Ramayana* ng India. Ang iba’t ibang tradisyong pinagsanib sa singkil ay madalas ikinukubli sa mga normatibong pagpapalagay na tinatanggap ang simplistikong kaalaman bilang awtentikong kaalaman at kultura. Gayumpaman, ang pagpupumilit na limitahan ang nalalaman natin hinggil sa singkil bilang pambansang sayaw at isang sagisag-kultura ay nagtatakda din ng iba’t ibang limitasyon hinggil sa kasalimuotan at yaman ng kulturang Filipino. Ang singkil at *Darangen* ay kapwa mahalagang mga sagisag na iniuugat ang kasaysayan ng Pilipinas hindi lamang sa India kundi pati na rin sa mga karatig-bansa natin sa Timog-Silangang Asya na may kanya-kanyang berson ng *Ramayana*. Kay daming nagsasanib-sanib na naratibo at kaalaman ang maaaring makuha mula sa paghimay sa iba’t ibang impluwensya ng singkil. Bukod sa anyo ng sayaw na may pagkakahawig sa iba pang katutubong sayaw ng Pilipinas, mainam na representasyon ang sayaw na ito ng mga usapin sa relihiyon, tradisyon, ekonomiya, pulitika at organisasyong panlipunan hindi lamang ng mga Maranao kundi pati na rin ng ibang mga pangkat at bahagi ng Pilipinas kung saan sila nakipagkalakalan at nakipagpalitan ng produkto at ideya. Bagamat alam natin na ang singkil ay isang mahalagang sayaw na bumubuo sa kulturang Filipino, hindi natin tiyak na mailugar kung bakit at paano ito naging mahalagang representasyon ng ating kultura.

Katulad ng limitadong bista na taglay ng marami sa atin hinggil sa singkil, maraming aspekto ng kulturang Filipino ang hindi lubos na naipapaliwanag kung bakit at paano sila inilalakip sa humahabang listahan natin ng mga pangngalang tumutukoy ngunit hindi nagpapaliwanag ng kultura. Para sa marami sa atin, kuntento na tayong ilakip ang kultura sa mga *postcard*, selyo at kalendaryo, nilalagyan ng tatak na “Pilipinas”, at ipinamumudmod sa iba bilang sagisag ng pagka-Filipino. Bagamat wala namang masama sa ganitong paglilista, nagkakaroon ng napakaraming problema kung wala nang nagagawa ang mga mamamayan ng isang bansa kundi ilista ang kanilang kultura at ipagpalagay na ito at ito lamang ang representasyon at artikulasyon ng kanilang pamumuhay.

Para sa sosyologong si Anthony Giddens, ang paulit-ulit na paghirang sa mga naturang sagisag ay hindi tumutukoy lagi sa sariling bayan kundi sa isang kaisipang pinipilit ipaangkop dito. Aniya:

The primary unit of sociological analysis, the sociologist's "society"—in relation to the industrialised world at least—has always been, and must continue to be, the administratively bounded nation-state. But "society" in this sense, has never been the isolated, the "internally developing" system which has normally been implied in social theory. One of the most important weaknesses of sociological conceptions of development, from Marx onwards, has been the persistent tendency to think of development as the "unfolding" of endogenous influences within a given society. "External" factors are treated as an "environment" to which the society has to "adapt" and therefore merely conditional in the progression of social change [...] In fact, any adequate understanding of the development of the advanced societies presupposes the recognition that factors making for "endogenous" evolution always combine with influences from "the outside" in determining the transformations to which a society is subject (Giddens, 265).

Sa pamamagitan ng paglatag ng mga steryotipikal na kaisipang ikinakabit sa bayan, mayroong posibilidad na tinutukoy ang mga bayan kung saan nagmula ang mga kaisipang ito at hindi ang sariling bayan mismo. Kaya sa ganitong lohika, maaaring makita ang kumbinasyon ng demokrasya, militar, halalan, pati ang napipintong pagpalit ng pamahalaan sa pederalismo at iba pang mga pambansang sagisag ng bayan ay maaaring nagkaroon ng katuturan sa mga bansang gaya ng Estados Unidos at Europa. Malinaw kung ano ang nagawa nito para sa kanila gaya ng itinatala nila sa kanilang kasaysayan ngunit hindi kailanman umiral o nagkatotoo sa sarili nating karanasan. Pinipilit din ng mga ito ang pakiramdam ng pagkakaisa kahit hindi malinaw sa bawat indibidwal kung paano umuugnay ang personal niyang karanasan at karaniwang buhay sa hulma ng kolektibong identidad. Ganoon din ang de-listang kulturang umuugat sa nasyonalismong metodolohikal. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbigkas sa mga pangngalang tutukoy sa kulturang Filipino, naeensayo sa isip ang mga sagisag na ito. Gayumpaman, nananatili itong malayo o may distansya sa bumibigkas, maaaring naaangkin niya ito ngunit ang proseso ng pag-angkin ay madalas hanggang sa pagmememorya lamang at hindi talaga nagpapatalim sa kanyang pag-unawa. Naeengkuwentro ang mga pananda ng kulturang ito sa mga libro, kalendaryo at postcard, ngunit hindi malinaw kung ano ang implikasyon ng mga naturang sagisag sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Maiaangat pa ba ang kulturang pambayan mula sa pagiging isang listahan ng mga pangngalang ginagad mula sa kamalayan ng iba at sinusubukang tumbasan ng pira-pirasong mga detalyeng walang kaisahan at katuturan kung titingnan sa kanilang kabuuan? Bagamat puwedeng ipaglaban na may sariling pedagohikal na gamit ang pagmememorya at ang pag-uulit-ulit ng mga aspektong ito ng ating kultura, mabigat din ang implikasyong taglay nito sa mga taong wala nang ibang magawa kundi sumang-ayon na lamang sa mga ikinathang sagisag ng iba. Partikular dito ang pagkatha ng isang pambansang kultura na bagamat nilikom mula sa iba't ibang mga gawi ng iba't ibang pangkat na bumubuo sa ating kolektibong kabihasan, ay maaaring ginagamit lamang upang pangalagaan ang interes ng iilan.

ANG GURO BILANG TAGAKATHA NG KULTURA

Upang mabigyang-katuturan ang transpormatibong kapangyarihan ng kultura, kailangan itong kathain nang paulit-ulit. Pinaalalahanan tayo ni Kramsch na mayroong mahigpit na ugnayan sa pagitan ng kultura at wika (2009). Aniya, isinasakatawan ng wika ang proseso ng kultura at kung paano ito gumagana sa mga kontekstong kanyang kinabibilangan. Samakatuwid, hindi lubos na nasasagap ng mga istatikong sagisag ang kahulugan ng kultura. Nagbabago din ang kahulugan ng mga sagisag na ito depende sa kundisyon at timpla ng lunan, panahon at mga pagkakataon. Kaya kailangan ding pahalagahan ang papel ng mga guro sa pagdokumento kung paanong nagbabago ang kahulugan ng iba't ibang kultura na mayroon tayo. Sila ang nagpapabatid ng kamalayan at sensibilidad ng kolektibo, at kung paano ito nakapag-aambag sa ating paglaya o pagkabihag.

Upang matugunan ang mga tungkuling ito, mahalagang magpaalala ng ilang mahahalagang tuntunin na magiging kaagapay ng mga guro ng kultura.

01 Ang pagsuri ng kultura ay kailangang tumbasan ng masusing pananaliksik. Mapapansin sa marami sa mga banghay-aralin sa koleksiyong ito ang pagsandig ng maraming guro sa mga pinagkukunan ng impormasyon na nanggagaling sa internet. Bagamat hindi maipagkakaila ang tulong na kaloob ng internet sa demokratisasyon ng kaalaman, kailangang maging higit na maingat tungkol sa datos na taglay nito. Karamihan sa impormasyong makukuha dito ay hindi na dumadaan sa proseso ng beripikasyon at basta-basta na lamang inilalathala nang walang pag-iingat sa magiging implikasyon nito. Kailangang iwasan ang mga website na hindi naglalagay ng pangalan ng manunulat ng artikulo at ng mga patnugot nito na siyang naatasang kilatisin ang impormasyong ipinahahayag. May bisa pa din ang tradisyunal na pananaliksik gamit ang mga aklat at peryodiko sapagkat may malinaw na prosesong sinusunod kung paano pinangangasiwaan ang kaalaman—mula sa paglikom ng datos hanggang sa pagbuo ng opinyon hinggil dito, at may mga pangalan itong kinakabit sa bawat proseso. Lalo na sa panahong ito na naglipana ang *fake news*, mahalagang makita ang pag-angkin ng mga tunay na tao at tunay na propesyunal sa mga kaalamang nagpapatakbo sa ating lipunan.

02 Humahasa ng kritikalidad ang kulturang naka-ugat sa pananaliksik. Ang ehersisyo ng pananaliksik ay mayroong bisa hindi lamang sa beripikasyon ng datos kundi pati na rin sa paglinaw ng sariling pusisyon sa mga napapanahong usaping kolektibo. Nagiging mahalagang hakbang ang pagsuri ng impormasyon sa paglinaw ng sariling palagay nang isinasaalang-alang ang kundisyon ng iba, at hindi lamang ng sarili. Pinipilit ng kultura at ng pananaliksik ang paninimbang

ng iba't ibang salik na nakaiimpluwensya sa paraan natin ng pakikitungo sa iba lalo na sa mga taong may kakaibang pananaw at karanasan mula sa atin.

03 Kung hindi mababasa sa tradisyunal na libro ang ating sariling kultura, tayo na mismo ang sumulat nito. Karamihan ng alam natin hinggil sa ating sarili ay nagmumula sa punto de bista ng dayo. Bagamat wala namang masama sa obserbasyon ng iba hinggil sa ating sarili, ang pinakamalinaw na artikulasyon ng sarili ay manggagaling pa din sa atin. Madalas, hindi natin napapansin na ang kaalaman hinggil sa sarili ay umuugat sa mga isteryotipo o pagpapalagay na taglay ng iba sa atin. Sa pamamagitan ng pag-ensayo ng kritikalidad, unti-unting nabubuwag ang mga pagpapalagay na ito at napapalitan ng mga haka at kuro-kuro na higit na malay sa sariling konteksto. Kaugnay nito, marami sa mga unang burador ng mga banghay-aralin dito ang nagpupumilit maghanap ng larawan sa internet gayong nasa paligid naman nila ang kay yaman na bukal ng mga posibleng imahen na maaaring gamitin sa paglikha ng mga kasangkapang pang-edukasyon. Napaka-heneriko ng mga imaheng kinuha mula sa internet na kinailangan pang pilitin ang maraming guro na gamitin ang mga kamera sa kanilang telepono para kunan ang kanilang paligid. Bukod sa naitanghal ang sariling mga lunan, naging higit na malinaw ang kontekstuwalisasyon ng mga ito sapagkat lublob sa mas pamilyar na kapaligiran.

04 Ang kaalaman ang kultura, hindi ang sagisag. Anuman ang anyo nito, ang kaalamang maikakabit sa ating mga sagisag-kultura ang tunay na ehemplo ng kultura. Gumagalaw ang kultura, at madalas ang galaw nito ay hindi namamalayan ng ating mga pandama at pag-unawa. Nagbibigay-babala ang pilosopong si Paul Virilio (1986) hinggil sa bilis ng kultura katulad ng mga operasyong militar na paroo't parito sa mga teritoryong hindi kanila subalit kanila na ring naaangkin bunga ng mabilis na pagkilos. Agad-agad pumapasok sa isip ang Sinofikasyon o pagsasa-Tsina ng mga teritoryong Filipino. Mahalaga ding banggitin ang galaw mismo ng kapital, na ikinukubli ang tunay na kapangyarihan ng mga korporasyong nanghihimasok sa ekonomiko at pulitikal na pamumuhay ng mga bansang patuloy na nananalig sa bisa ng sarili nilang teritoryo. Kaya naman hindi tumitigil ang tungkulin ng paham ng kultura. Kailangang manmanan ang iba't ibang paraan kung paano gumagalaw ang kultura sa pagsiyasat ng iba't ibang uri ng kaalamang pinaghahawakan nito.

05 Hindi lumilikha ng hadlang sa pagitan ng magkakaibang tao o pangkat ang kultura. May tendensiya ang karamihan sa atin na tingnan ang kultura bilang nagtatalaga ng kaibahan. Bagamat may

ganitong epekto ang mga partikular na kultura, ang kaayusan ng lipunan ay higit na masalimuot. Matutuklasan na hindi maaaring ikahon sa mga simpleng konsepto lamang ang isang malaking pangkat ng tao at karamihan ay hindi talaga nagtutugma pagdating sa kanilang mga palagay, pag-iisip, paniniwala at interes. Subalit sa halip na gamitin ang kanilang mga partikular na kultura bilang lunsaran ng kaibahan, mahala din namang makita na may pinag-uugnay pa rin ang kultura. Maaaring magkaiba ang kultura ng mga tao pagdating sa kanilang relihiyon, ngunit posible din namang nagkakapareho sila pagdating sa ibang bagay—mula sa mga pananaw tungkol sa seksuwalidad hanggang sa kanilang mga hilig at pinagkakaabalahan. Bagamat dinidikta ng kultura ang ating kaibahan, lumilikha din ito ng pagkakataong makita ang kaisahan sa pagitan ng magkakaibang tao.

Narito ngayon ang isang koleksyon ng mga banghay-aralin na ipinamamalas ang dinamismo ng kultura. Sa isang banda, makikita agad ang mga balakid na kinakaharap ng maraming mga guro lalo na pagdating sa pagpapalano ng kani-kanilang mga leksyon at ang pangangailangang papinuhin ang kanilang trabaho sa harap ng mga limitasyong itinakda ng sistemang pang-edukasyon na mayroon tayo. Gayumpaman, kakikitaan ang lahat ng leksyon ng pagbubunyi ng lunan at panahon. Patuloy ang pagpupunyagi ng ating mga guro sa pagtanghal sa kaalaman na kanilang kinamulatan. Ang mga hamon na kanilang hinaharap ay may malalim na implikasyon sa pagsalba sa edukasyon mula sa nananaig na sentimyentong tumitingin dito bilang simpleng kasangkapan para makakuha ng disenteng trabaho.

SANGGUNIAN

- Bakhtin, Mikhail. *The Dialogic Imagination: Four Essays*. Austin: University of Texas Press, 1992. Print.
- Baudrillard, Jean. *Symbolic Exchange and Death*. London and Thousand Oaks, CA: Sage, 1993. Print.
- Boas, Franz. *The Mind of Primitive Man*. New York: Macmillan, 1938. Print.
- Bourdieu, Pierre. *Distinction: A Social Critique of the Judgment of Taste*. Cambridge MA: Harvard University Press, 1984. Print.
- Calhoun, Craig. *Nations Matter: Culture, History and the Cosmopolitan Dream*. New York: Routledge, 2007. Print.
- Department of Education. *K to 12 Gabay Pangkurikulum: Filipino, Baitang 1-10*. Pasig: N.p., 2013. Print.
- Giddens, Anthony. *The Class Structure of the Advanced Societies*. London: Hutchinson, 1973. Print.
- Gramsci, Antonio. *Selections from the Prison Notebooks*. New York: International Publishers, 1972. Print.

- Herder, Johann Gottfried. *Reflections on the Philosophy of the History of Mankind*. Translated by Frank E. Manual. Chicago: University of Chicago Press, 1968. Print.
- Horkheimer, Max, and Theodor W. Adorno. *Dialectic of Enlightenment: Philosophical Fragments*. New York: Seabury Press, 1972. Print.
- Kompas. "Presiden Jokowi: Pisahkan Agama dan Politik." *Kompas*. 24 March 2017. Web.
- Kramersch, C. "Discourse, the symbolic dimension of intercultural competence". *Interkulturelle Kompetenz und Fremdsprachliches Lernen*. Tübingen: Gunter Narr, 2009. 107-124. Print.
- Lippmann, Walter. *Public Opinion*. New York: McMillan, 1922. Print.
- UNESCO. *Universal Declaration on Cultural Diversity*. 2001. Web.
- Virilio, Paul. *Speed & Politics: An Essay on Dromology*. New York: Semiotext(e), 1986. Print.
- Williams, Raymond. *Keywords: A Vocabulary of Culture and Society*. London: Fontana, 1983. Print.
- Wimmer, Andreas & Nina Glick Schiller. "Methodological nationalism and beyond: nation-state building, migration and the social sciences." *Global Networks*, 2, 2002. 301-334. Web.